Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
**SANGAY NG LUNGSOD MALAYBALAY**
Purok 6, Casisang Lungsod Malaybalay
Telefax #088- 81 2894,E-mail add:depedmlyblycity@yahoo.com

Hulyo 3, 2017

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 320 s. 2017

2017-07-011
DEPED-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
DATE: JUL 0 3 2017 TIME: 2:20
BY: [signature]

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga : Puno ng Kurikulum;Governans at Kawani
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan
(Elementarya at Sekundarya)
Punong Seksyon /Yunit at Pamunuan
Sangay Malaybalay

1. Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017 hinggil sa Buwan Ng Wikang Pambansa 2017 na may temang "*Filipino: WikangMapagbago.*"
2. Nakasaad sa Memorandum Pangkagawaran na ang nabanggit na lingguhang paksa ay papatnubay sa isang buwang pagdiriwang at ang lahat na paaralan ay may kalayaan sa lahat ng pagplano ng programa.
3. Ang isang buwang pagdiriwang ay gawaan ng isang narativ na pag -uulat *in hard copy* na kung saan ito ay imomonitor sa Setyembre 5 - 7, 2017 sa panahon ng pagmamasid ng mga EPS at PSDS sa bawat paaralan. Ang nabuong narativ ay dokumentasyon na ilalagay sa School Learning Resource Center *(SLRC)* para maging sanggunian sa mga mag – aaral.
4. Kalakip din ang inklusyor bilang 1 para sa mungkahing awtline sa narativ pag- uulat .
5. Hinihiling ang mabilis na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**EDILBERTO L. OPLENARIA, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Inklusyor Bilang ______s. 2017 Pansangay Memorandum

## Mungkahing Awtlayn Para sa Paghahanda ng Narativ na Pag- uulat

I. **Panimula/Introduksyon** ***(Introduction)***

II. **Layunin** ***(Goals and Objectives)***

*III.* ***Highlights*** **ng Narativ** ***( Highlights of the Report)***

Halimbawa: Mga tagumpay na gawain bawat Linggo (mga salik, dahilan ng matagumpay na gawain) Mga paligsahan bawat Linggo

IV. **Mga Aral na Nakuha** *(Lessons Learned)*

V. **Mga Suhestyon at Rekomendasyon** ( *Suggestions and Recommendations*)

VI. **Apendiks** ( *Appendices*)

( Mga impormasyon na may kaugnayan paano naging matagumpay ang pagdiriwang sa taga pag –ugnay kasama ang namumuno sa gawain; detalye sa pagdiriwang : mga larawan

Republic of the Philippines
# Department of Education

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 58, s. 2017

20 MAR 2017

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
   b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
   c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
   d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

   Komisyong sa Wikang Filipino
   Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
   San Miguel, Maynila
   Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
   Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
   Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. MUYOT**
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

APA R-Buwan ng Wikang Pambansa 2017
0253/March 11, 2017